**ELECTION 2024**

**Voter Hotline: 1-888-API-VOTE**

ASIAN AMERICANS ADVANCING JUSTICE AAJC




*Bilingual assistance is available in Bengali/Bangla (বাংলা), Cantonese (廣東話), English, Hindi (हिंदी), Korean (한국어), Mandarin (普通話), Punjabi (ਪੰਜਾਬੀ), Tagalog, Urdu (اردو), and Vietnamese (tiếng Việt)*




# May karapatan ka sa tulong sa wikang Tagalog pag-ikaw ay bumoto.

## Anong batas ang nagbibigay sa akin ng karapatan sa tulong sa wikang Tagalog?

Ang Seksyon 203 ng Voting Rights Act (VRA) ay nangangailangan ng tiyak na mga county na magbigay ng mga kagamitan sa pagboto para sa mga komunidad na may maraming mga botanteng limitado sa pagsasalita sa Ingles.

## Anong uri ng tulong sa wika ang makukuha ko?

Maaari kang makakuha ng impormasyon para sa botante, mga pormang pangrehistro, at mga balota na isinalin sa Tagalog. Sa lugar ng iyong pagbobotohan, makakahanap ka rin ng mga nagtatrabaho na marunong mag Tagalog.

## Paano ako makakakuha ng mga materyales sa Tagalog?

Makipag-ugnay sa iyong opisina sa mga eleksyon at hingin na napadalhan ka ng mga materyales sa Tagalog. Para sa impormasyon kung paano makipag-ugnay sa mga opisinang ito:

- www.advancingjustice-aajc.org/language-rights-voting

## Saan ko makukuha ang porma sa pagpaparehistro sa botante?

Tawagan ang iyong opisina sa mga eleksyon upang makakuha ng porma sa pagpaparehistro ng botante, at sundin ang instruksiyon kung paano ito ipadala sa iyong estado o lokal na opisina para maproseso. Maari ka ring magrehistro online sa

- U.S. Election Assistance Commission – Register to Vote
- National Voter Registration Application Form for U.S. Citizens (CHS)

**Ang mga lungsod at county na nag-aalok ng tulong sa Tagalog:**

ALASKA:
- Aleutians West Census Area
- Kodiak Island Borough*

CALIFORNIA:
- Alameda County
- Los Angeles County
- San Diego County
- San Mateo County *
- Santa Clara County

HAWAII:
- Honolulu County
- Maui County *

NEVADA: Clark County

## Sa botohan, maari ba akong magdala ng taong tutulong sa akin bumoto?

Oo. May karapatan kang magdala ng tao namakakatulong sa iyo. Siya ay maaaring maging isang kaibigan, kamag-anak, o ibang tao na iyong pinagkakatiwalaan. Ito lamang ay hindi maaaring ang iyong amo o isang kinatawan ng iyong unyon ng manggagawa.

*1-888-API-VOTE: TULONG SA WIKA? TAWAGAN ITO SA ARAW NG HALALAN*
*Para sa impormasyon sa mga botanteng limitado ang pagsasalita ng Ingles, bumisita sa www.advancingjustice-aajc.org/language-rights-voting.*